

MAR 2 - 1964

'Alza tu tersa frente  
Juventud filipina".....! RIZAL.



C. RONQUILLO'S COLLECTION

# BANCON



Pahayagang tagapamatnugot

NG

"KALIPUNAN NG MGA KAPISANAN SA RIZAL"

Iinalathala tuwing kalahatia t katapusan ng bawa t buwan.

\* \* Pasig, Rizal, ika 15 ng Abril ng 1909. \* \*

## MGA NILALAMAN.

1. Ang mga punong-bayan natin.—2. La marcha de Mr. Kaminer.—3. Pag-aalaga sa mga Sangol.—4. Mga talà sa Rizal ni *Laura Maka-trog*.—5. Comic Section.—6. Dalit ng isang ulila ni *A. Leugin*.—7. Kilos ng mga Kapisanan sa Rizal.—8. Jesús y Federico ni *Jose Ingequieros*.—9. Noli Me Légere ni *L. A. Amado*.—10. Una carta abierta ni *L. Gabriel*.—11. Las "Canas" y el "Hoy" ni *Felicesimo Magtanggol*.—12. A great problem of the Philippines.—13. Carta de aceptación ni *M. Manala*.—14. Mga hatol na mahahalagá.

# MAHALAGANG PAUNAWA

Halagá ñg pagpapadalá: ISANG PESETA ISANG BUAN.

Kung ipagpauna ang bayad sa tatlong buan, ISANG SALAPI.

Halagá nang pagbibili: LABING ANIM NA KUWARTA BAWA'T ISA.

Ang m̄ga palathala'y sa halagáng pagkakasunduan.

*Pán̄gasiwaan, daang Castillejos bilang 19, Kyapo, Máynilà.*

Isinasamo sa lahat ñg sa amiy tumatangkilik, na mangyaring ipagbigay alam agad sa Pán̄gasiwaan ñg pahayagang ito ang di nila pagtanggap ñg m̄ga bilang na aming ipinadadalá: gayon din ipagbigay sabi agad ang pag-lipat ñg tahanan.

Ang m̄ga liham na naukol sa tagapamahala ñg pahayagang ito'y mangyaring ipahatid sa bayan ñg San Pedro Makati, Rizal.

## ¡¡Kahan̄gáhan̄gà, Kalugódlugod!!

Isang balitang napakamahalaga sa Kapuluán.

Malapit nang ma . . . . . ang

**“K . . T . . B . . S . . N”**

PUHUNANG GANAP NA } PILIPINO  
MANGAGAWANG GANAP NA }

Jolo 308, 310 at 312, Binundók, Maynila.

### VINO FERRO NUTRITIVO

DE LOS

*Ldos. C. FERNANDEZ y L. ANTONIO*

Mabuti sa kakulangan nang dugo, bagong panganak,  
at nagbibigay gana sa pagkain

FARMACIA MODERNA, *Malabon, Rizal.*

Dépósito—Manila

Farmacia Barcelona.

### Sastreria Fraternal

DE

PATRICIO ARANDA Y HÑOS.

Se confecciona toda clase de trajes para caballeros  
á la última novedad

PRECIOS SUMAMENTE BARATOS

*Jaboneros No. 111, San Nicolas*

# BANĜON...

PÁHAYAGÁNG TAGAPAMATNUGOT ÑĜ "KALIPUNAN ÑĜ MĜA KAPISANAN SA RIZAL"  
ILINALATHALA TUWING KALAHATIA'T KATAPUSÁN NG BUWAN.

*Tagapamahala*, G. CELESTINO CHAVES.

*Punong-manunulat*, G. ISMAEL A. AMADO.

*Tagapanĝasiwa*, G. JERÓNIMO DE LOS ANGELES.

I TAON.

PASIG, RIZAL, IKA 15 ÑĜ ABRIL ÑĜ 1909.

BILANG 5.

## Ang mĝa punong-bayan natin

Nálalapit na naman ang hálalan, at sa bayan-baya'y nagkislót-kislót na ang mĝa ginoong nagnanasang mangĝapahalal sa ganito ó sa ganoong tungkulin. Diyan makikitang halos páti niyóng walang kamalakmalák sa palakad ñĝ pamahalaang ito, na di man lamang nakatatantokung ilan ang kagawad ñĝ pámunuang lalawigan at kung ano-ano ang tungkulin ñĝ Consejo Municipal sa isang bayan, ay nagsusumakit sa pakikiusap sa mĝa elector upang tapunan siya ñĝ boto sa dárating na Nobyembre.

Dapat kalugdán sa mĝa táong ito ang magandang hanĝad nilang makapaglingkod sa bayan, na ang munti nilang kaya'y pakinabangán ñĝ mĝa kapwa; ñĝuni't ang lalong nagpapapanibulos sa kanilang pita'y ang paniwalang wala namang gaano (!) ang gawáing tinutupad ñĝ isang puno, na pawang natutunghán sa Código Municipal, at ang pagkakáwikaang kung naroroon na'y bahala ñĝ sumunod sa mĝa turo't pahiwatig ñĝ mĝa naka-kaunawa, bahala nang sumang-ayon sa mamagalingin ñĝ karamihang kasama, at di man lamang iniisip kung ang kalagayan nila'y makapupuspós ñĝ kapurihan ó hindi sa pámunuang bayang ninanasang káluklukan. Salamat na lamang at ang mĝa ganito'y di siyang laging nagwawagi sa hálalan, palibhasa ang baya'y nakatatalós ñĝ kanyang kinakailangán at ñĝ hindi

kinakailangán, at sa mĝa ganoong tao'y walang iniuukol kundi ang banayad na ñĝiti ñĝ pagwawalang bahala.

Kaugalian na sa ating mĝa puno ang magpasunod at gumawa ñĝ kung anó na lamang ang nababasa sa Código Municipal at sa iba pang mĝa utos na nahihingil sa pangangasiwa ñĝ munisipyo; sa ganang kanila'y sukat na ito upang máturang nakatupad sa tungkol na pagkapuno, at di sila nararapat na gumawa ó hingang gumawa pa ñĝ higit sa roon. Ñĝuni't sa ganang amin, ang tagubilin ñĝ mĝa naturang batás ay siyang pinakamuuti ñĝ sa kanila'y hinihiling ñĝ Utos na ganapin sa nasasakop, kaya't may paniwala kaming hindi lamang iyon ang nauukol na pagsikapan nilang isagawa sa mabigat na pasaning sa kanila'y naatang.

Hindi sukat, sa mabuti at tunay na puno, ang makapagpairal ñĝ mĝa buwis, ang makapagpanatili ñĝ kapayapaan sa boong nasasakop, ang makapag-atang ñĝ mĝa multa dahil sa pagkukulang sa mĝa ordenanza, at iba pang ganangitong mĝa tagubilin ñĝ kautusan; kinakailangán din namang mangagsumakit sa ikalalago ñĝ mĝa pagkabuhay sa loob ñĝ munisipyo, sa ikabalang ñĝ iba't ibang mĝa kayamanang angkin ñĝ kanikanilang pook, sa ikabubuhay ñĝ pagsasaka, ikálulusog ñĝ mĝa industria't ikasusulong ñĝ pangangalakal, at sa madaling sabi, sa ikaginhawa ñĝ mĝa mamamayang pina-

mamahalaan nila. Ang puno'y di isang hamak na upahan lamang, di isang abáng kawaning papasok at lalabás sa kagawaran sa m̄ga oras na takdá, at gagawa n̄g kung anó na lamang ang sa kanya'y iniutos; kinakailanġan sa puno ang matutong magbalak n̄g m̄ga bagay na ikagagaling n̄g pamumuhay sa bayan, na siyang batis n̄g kayamanan n̄g tesoro municipal.

Sa maraming bayan dito'y nananatiling di napapakinabangan ang madláng kayamanang hanga n̄gayo'y nangakukublí pa. Bawa't munisipyo nati'y may kanikanyang pagkabuhay na sapát na makapagpaginhawa sa bayan kung pag-uukulan n̄g karapatdapat na pagsusumakit, at labis na makalunas sa karalitaang idinaraing n̄gayon n̄g lahat. Nais naming ang m̄ga magpipitang lumabas na puno sa hinaharap na hálalan ay magtaglay n̄g maalab na adhikang mapabalong ang m̄ga kayamanang iyan, adhikang ipanunumpa nila sa sariling budhi at di wiwikain n̄g bibig sa harap n̄g karamihang táong makikinig sa kanilang pananalumpati, pagka't ang m̄ga mamamaya'y dagí na sa ganyang m̄ga pangangalandakan at pangangakong hindi natutupad.

Ang lahat n̄g aming naisaysay sa itaas ay iniukol din naman sa m̄ga punong lalawigan, na ano pa't huag silang mangagkasiya sa pag-uusig lamang sa m̄ga kalikuang nagagawa n̄g m̄ga punong-bayan, sa pagpapairal nang m̄ga buwis na idinaraing n̄g m̄ga tao at pagdakip n̄g m̄ga magnanakaw, kundi pautanġan din naman nila n̄g karapatdapat na pagsusumakit ang m̄ga bagay na igiginhawa n̄g m̄ga nasasakop. Karaniwang mapuna na ang m̄ga pamunuang baya'y sumusunod sa halimbawang ipinamamalas n̄g pamunuang lalawigan, kaya't kung itoy natutulog, sila nama'y naghihilik. Magpauna sa paggawa n̄g mainam na bagay, at ang m̄ga munisipyo'y mangag-uunahan naman sa pagkuhang uliran, sa pakikibagay sa lakad n̄g m̄ga sumasaitaas. Kung saan ang tumpá n̄g ulo'y doon din ang tunġo n̄g buntot.

At sa m̄ga mangliligaw sa mataas na

kapangyarihan sa lalawigan ito'y ninanais din naming maging tika n̄g kanilang loob ang pagpapakasikap sa ikalulusog n̄g m̄ga pagkabuhay dito na hanga n̄gayo'y nakukublit di napapakinabanganġang lubos.

## La marcha de Mr. Kaminer.

El actual tesorero provincial de Rizal, Mr. W. O. Kaminer, es uno de los pocos americanos que ha merecido simpatías en esta provincia, no porque se haya esforzado en conquistarlas ó que haya demostrado extraordinario dón de gentes, puesto que es una persona de poco hablar y que parece huir del trato de sus semejantes. Su popularidad débese más bien á que no es de los petulantes, con tonos de superioridad de raza como suelen ser muchos de sus paisanos. Se han circunscrito sus actos á cumplir estrictamente sus deberes como tesorero provincial, sin apasionamientos, y con imparcialidad, obrando siempre de buena fé, y esto ha satisfecho á la provincia. Aunque esto era lo que de él tenía derecho la provincia á esperar, queremos manifestar aquí las simpatías que de nosotros ha merecido.

Ahora que Mr. Kaminer vá á marcharse á los Estados Unidos en uno de los días de este mes, en uso de licencia, con su distinguida señora, nosotros deseamos que la pareja se lleve feliz viaje y el recuerdo de que á los buenos americanos se les quiere aquí en Filipinas.

## Intencion criminal

El seis del actual entre nueve y diez de la noche, penetró en la casa de Juana Reynoso en el barrio de Maybunga, Pasig, la mujer llamada Juana Santos con intención de robar, y no habiendo conseguido su deseo, agredió á la Reynoso con un hierro en la cabeza que la produjo una herida de pronóstico reservado.

La Juana Santos se dice que es vecina del barrio de Bambang y actualmente se encuentra detenida á disposición del Juzgado.

## Sunog

Niyong miércoles, ika 7 n̄g kasalukuyan, at n̄g mag-iika pito n̄g gabi'y nagkasunog sa nayon n̄g Santulan n̄g bayang ito. Limang bahay ang natupok at isang bangáng may lamáng m̄ga dalawangpung kabang palay.

Ayon sa ginawang pag-uusig ay napagtalastas na ang apoy ay nagmula sa tindahan ni Vicente Carlos, na hindi maalaman ang naging sanhi.

May m̄ga sanglibo't walong daang piso ang halaga n̄g m̄ga nasunog.

Salamat at wala namang táong nasaktán.

# Pag-aalaga sa m̃ga Sangol

(Karugtong)

PANAHONG PAGŃIŃGIPIN.

Pinakikinabanġan nġ m̃ga inang mapagtantó ang m̃ga iba't ibang panahon nġ pagtubó nġ nġipin sa batá, hindi lamang nġ mangyaring mapanġilagan ang m̃ga pagkakaramdam na totoong madalás mangyari sa panahong itó, kundi naman nġ huag ipalagay na itong panahon nġ pagnġingġipin itó, na ibang bagay ang siyang pinagmumulán, at nġ mapaghusay naman ang palakad nġ pagpapakain sa batá, kahi't ang ipakakaing ito'y ang kaugallang gatas nġ iná, ó kung dili kaya'y gatas nġ hayop na bagong hġlis, ó gatas na pintong.

Dapat na itanġi ang unang pagkakanġipin sa ikalawang pagsibol nġ nġipin; ang m̃ga unang nġipin ay hindi patuluyan. sa pagka't nanġalaglag din sa malaon ó madaling panahon, upang mahalinhon nġ panġalawang sisibol na m̃ga nġipin, na siyang mananatili.

Ang sasabihin namin ay ang m̃ga nauukol sa m̃ga unang nġipin, sa makatowid ay ang m̃ga "nġipin sa gatas"; ang m̃ga nġiping ito'y dalawampu, na nagkakasumodsunod sa pagsibol nġ paganitó:

M̃ga nġipin sa harap na nagigitna; mulá sa apat hangang sa pitong buwan.

M̃ga nġipin sa harap din, nġuni't na sa dakong tagiliran; mula sa apat hangang sa siyam na buwan.

M̃ga unang bag-ang; mula sa ikaanim hangang sa ikalabingdalawang buwan.

M̃ga panġil; mulá sa waló hangang sa ikalabing anim na buwan.

M̃ga panġalawang bag-ang; mula sa ikasampu hangang sa ikadalawampung buwan.

Dapat na lumabas na mauna ang lahat nġ m̃ga nġipin sa babang sihang kay sa m̃ga katapat, na na sa sihang na dakong itaas, tanġi lamang sa m̃ga nġipin sa harap, nġuni't na sa tagiliran, na nauuna ang dakong itaas kay sa baba. Gayón ma'y nagkakabihirang hindi nangyayari ang karaniwang lákad na itó, na kung magkaminsa'y kung makasibol na ang m̃ga nġipin sa harap na dakong babá at pang-gitna, nalalaon bago sumibol ang katapat na dakong itaas, at halos nagkakasabay nġ m̃ga nġiping kasiping sa harap na dakong tagiliran.

Ang m̃ga sinabi namin sa itaas na panahon nġ pagsibol ay hindi totoong ganáp na nangyayaring lumalabas ang m̃ga unang nġipin agad ó hindi sa ikaanim na buwan, nġuni't bihirangbihira ang sumisibol na mulá sa panġanġanák; kung minsá'y sumisibol ang m̃ga panġil pagkalampas nġ ikalabing anim na buwan, at hindi nġa bihirang mákitang sumisibol ang m̃ga panġalawang bag-ang hangang sa ikatlong taón. Baga man sa ganitong hindi kahusayan nġ

lákad, ang m̃ga kapanahunang pagsibol nġ m̃ga nġiping aming sinaysay ang siyang karaniwan at kadalasang mangyari, ang karaniwa'y may pag-itang tatlong buwán ang pagsibol nġ isang pangkat nġ m̃ga "nġiping-gatas" bago sumibol ang isa pang pangkat.

Madalás na mákitang ipinalalagay nġ kahanġalán nġ madlá, na nagmumulá sa pagsibol nġ nġipin ang m̃ga pagkakakasakit na nangyayari sa unang dalawang taón nġ sangol; wala nang totoong malayo sa katotohanang gaya nitó; at walá na namang mabuting dahilaning tulad nġa rito upang maisaysay ang kadahilanan nġ ipinagkakakasakit nġ sangol; sa isang bagay ay ang pagkasirá nġ tiyán, na ang kadalasang nagtatapón nġ malabnaw, at sa kabilang bagay nama'y ang pagkagalagnát nġ lubháng matindí, na kung magkaminsa'y sumasapit hangang sa magkaroon nġ matindíng sakit nġ ulo at ang m̃ga pag-ubá, itó ang pagkakaramdam na anaki'y nagbubuhát sa pagsibol nġ nġipin.

Samantalang sumisibol ang nġipin ay lagi nang lalagyán nġ takíp ang dibdib at ang tiyán, kahi't lumalakad na at humihiwalay na sa iná.

Dapat na bihisan nġ damit kaylan man at kinakailanġan dahil sa pagkapunó nġ dumí, datapwa't kung hindi mangyayari ito ay sa araw-araw, gaya nġ ginagawa sa damit sa dakong itaas nġ katawan nġ bata.

Ang paglalabá nġ damit nġ bata ay dapat paraanin sa legía, yamang hindi sa lahat nġ lugar ay makakakuhang magawang nġ m̃ga ibang ukol na gamitin, at ang legía ay nasusumpungang madalí, at sa pagka't ito'y mainam na pangpatay nġ m̃ga hayop na sa kaliliita'y hindi makita, kaya siyang inihahatol na siyang gamitin at magalingin kay sa iba. Bukod sa rito'y kinakailanġang ang m̃ga damit nġ bata'y labháng bukod sa damit nġ matatandá?

Kinakailanġang nahahanġinan at tuyó ang m̃ga lugar na pamamahayan nġ bata, kaya't marapat na ang bahay ay malayo sa m̃ga latán at pinamamahayan nġ tubig.

Kaylan ma'y huag babayaang makisama sa pamamahay sa m̃ga hayop, na gaya nġ kinatugalian sa m̃ga bayan at m̃ga nayon, na doo'y ang baboy, áso, m̃ga manók at iba pa ay kasalamuhá nġ tao sa pagtirá sa isang bahay, sa loob nġ mahabang oras, sa makatwid baga'y mula sa pagtatakip-silim hangang sa kinabukasang sila'y nanġanġalat sa parang.

Ang m̃ga dumí nġ m̃ga hayop na itó ang siyang nagiging dahil na sila'y magkaroon nġ mabahong amoy na nakasasamá sa katawán nġ bata at sa matatandá man, kaya kinakailanġang sila'y alisin sa lugar na tinutulugan, at sa papaano mang paraan ay huag pabayaang manatili ang ganitong kagagawang lubháng karaniwan.

(Itutuloy.)

# Mga Talà sa Rizal

## Chemang Guevara.

Walang kamalák-malák, ay nakagawá ang pagkakamalí ko ng isang malaking katotohanan, ¡Kay inam na pagkakátaon!

¿Bakit bagá't nágawà kong panápat na *talà* si Chemang, iyang anak Marikit-na, na balang magsabi ay siyang nararapat iuna?

Kung hindi lamang ako nagaala-alang mápulaan ng mga "librepensador", itinuring ko na sanang ang ganitong nangyari ay talaga ni Bathala. ¿Pati na бага Diyos ay nakikialam sa amin ni Chemang? . . .

Pagkat marahil ang mga mangbabasa ko'y nakatatalos din na sa ika apat na oras ng madaling araw, kasabay ng tilaukan ng mga manok, ay sumisikat sa Silangnanan ang *talang* pinakamaningning sa dilang maningning, marilag sa dilang marilag, na kung titigan ay nakawiwili at nakaaya sa kalooban. Dili iba kundi ang talang VENUS. ¿Sino ang hindi nakakikilala sa salitang *venus*? Ito, ayon sa mga makata, ay bathalà ng pangarap; ayon sa mga manghihibò ay bathalà sa dilag, at ayon sa mga umiibig ay bathalà ng puso.

At saká ngayon ay ikaapat namang sumikat sa pitak na ito si Chemang. Isang bibihirang pagkakátaon.

¿Paanong hindi magkakátaon, sa ang *talang* nakasikat na iyan sa Marikit-na, ay siyang bathalà ng aking pangarap, bathalà ko sa dilag at tanging bathalà ng puso? Siya, sa minsang sabi, ang tunay kong VENUS. . . . .

Sayang at hindi ko pa palad hanga ngayon ang mapabilang sa mga kaluguran ni Chemang; sana'y nakaluhod ako sa kanyang harap at tahasang nasabi, na siya ang una sa lahat ng mga *talà* dito sa Rizal at ang kanyang ningning ay di nagkakasiya sa lalawigang ito lamang, kundi nanabog sa boong Pilipinas, at kung magkaminsan pa ang kanyang mga sinag ay nagtatawid dagat at nagbabalità sa mga ibang dako ng kawiliwiling dilag ng mga binibini rito.

LAURO MAKAI-ROG

## COMIC SECTION

### TWO MEAN MEN.

A man was drinking a glass of beer in a saloon when some important business called him out. To save his half emptied glass against intruders, he put a piece of paper under it with this inscription:

"In this beer, I have spit."

On coming back, our hero was much horrified to read the following postscription:

"So have I!"

—:—

Several Irishmen was disputing one day about the invincibility of their respective powers when one of them remarked:

"Faith, I am a brick!"

"And I'm a bricklayer!" shouted another knocking down the first speaker.

—:—

### NOT THAT VARIETY.

Maria:—"For heaven's sake! Miss Long engaged to Juan Alejo? Why she told me only

yesterday that she wouldn't marry the best man on earth!"

Juana:—"She isn't going to!..."

### A DANGER SIGNAL.

Bobbie:—"Pa, isn't *red* a sign of danger!"

Papa:—"Yes, I believe so!"

Bobbie:—"There is red ink there, why don't you sign the pledge!"

—:—

### SECRET GIRLS KEEP.

She:—"There is one secret a woman can keep."

He:—"Nonsense! What is it?"

She:—"I can't tell you: It's a secret."

—:—

### UP IN ARMS!! . . .

One girl:—"Jack tried to kiss me last night."

Another:—"What in the world did you do?"

First girl:—"Oh, I was up in arms, in a minute!"

—:—

### ALWAYS CACKLES.

Bond:—"Why do you call your wife an old hen?"

Gall:—Because she always cackles when she lays for me.

**SUCH LANGUAGE!**

He:—What did your father say when you told him we were engaged?"

She:—“Oh, dear, you must not ask me to repeat such language.”

—:—

**FAVORITE HYMN.**

Papa:—What is your favorite hymn, Clara, my darling?"

Clara:—“The one you chased over the fence last night, dear Pa!”

—:—

**IN A COURT.**

Judge:—“Under what pretext did your husband beat you?"

Plaintiff:—Your Honor, please, it was no pretext; it was a club!"

**DALIT NANG ISANG ULILA**

*(Kay Ensang sa Lanġit)*

Kung gunitain ko araw na pumanaw sa piling nġ aking mutyang minamahál; kung isip-isipin panahong nagdaang walang inilabí kundí kalungkutan.

Ako'y naiinip at hindí mákali, ako'y naiinis, ilás na parati sa akin ang búhay at nananatili sa lagay na itong lubhang aping-api.

Ang búhay sa akin ay panġarap lamang at ang mabúhay pa'y sadyang kasalanan; sa aki'y wala nang uuna sa lumbay at wala rin namang mapayapang búhay.

Masasabi mo ring may isa pang lanġit na sa amin dito ay napasihilip; oo, mayroon nġa, di ko iniaalis, nġuní lanġit namang balót nġ hinagpis.

Sa bawa't silahis nġ lanġit na iyan, mula sa pagnġití nġ sikat nġ Araw hangang sa paglubog... tanging naiwan ang gunitang ako ay iyong minahal.

Ako'y minahal mo, dí ko linilimot, ako'y minahal mo nġ kalugod-lugod; dapwa't... nġayo'y sino, sinong aking Irog ang sa pag-uwí ko ay mapapanood?

¿Sino ang sa akin nġayo'y sasalubong, sino pang aaliw, kung nasa lingatong?

¿at sino pa rin nġa ang makikitugón sa pusong iniyo sa munting panahon?

¿Sino ang tuwí na ay aalaala

saan man paroon ako at humanga?

¿sinong aasahan at mahihintay pa na tanġi sa iyo ay wala nang iba?

¿Sino ang bubulóng at bubulungġán ko nġ libim nġ pusò, nġ diwà nġ táo?

¿sinong yayakapin, hahagkán sa noo, na tinutugumán nġ nġa labí mo?

¿Sino pa ang aking tatawagtawagin at kung nagtatampo'y aamuamuín, at kung namamanglaw'y aaliwaliwi't tatanġis-tanġisan nġ aking panindim?

¿Nasaan pa nġayón ang aking ligaya, ang paraluman ko't susi nġ pagsinta?

¿sino ang magiging alalay tuwi na nġ palad kong abá sa láot nġ dusa?

Walang wala na nġa ang lahat nġ itó, tapós na ang sayá, layaw ko't hinampó; wala na ang Liyag, pumanaw, yumao't pati pa nġ bunso'y sa libing umalo.

At nġayo'y ano pa, di ko máhagilap ang lunas na gamot nġ dukhá kong palad; di ibig mábanggit, ni nasang mahagap at kasawian ko, ianong pagkásaklap!..

Sa lahat nġ dusa'y walang kasinghapdi itong sa buhay kong tipon nġ pighati, sa sandaling tuwa'y agad pagkasawi't suson-susong hirap ang nagiging sukli.

Aunhin ang búhay kung walang pag-asa, aunhin ang boong magagawa ko pa sa aking panahon, sa nġayo'y wala na akong hahanduga't bibigyang abala.

¿Sino ang tutungháy sa tulá ko't awit na pinamimitás sa pananaginip, sinong magbibigay nġ timyás at lamig sa tinig nġ aking kudyaping may hapis?

Sa bawa't talata nġ kanyang pangkatin, sa bawa't salitang may pag-irog pa rin, ang dalit nġ isang Ulila nġ Libing siyang sasaliw nang makikilungkot din.

Yaong dating tudling na puspos nġ tuwá, nġ aliw nġ pusò't masayang talatá, nġayo'y nagbago na, ibang ibang lubhá't kinabábakasan nġ agos nġ luhá.

Kaya't buhat diyan sa payapang bayan, Ens... ko'y tungnan mo rin ang abang naiwan, akong lumulungoy, akong nahahambal, at akong walá nang Ens...magpakaylan man.

Tanġos, Nabutas, Rizal.

A. LEUGIM.

“**LA PERLA**”

FABRICA DE BIZCOCHOS Y DULCES

DE J. E. MONROY

Premia a en las Exposiciones de Hanoi de 1902 y S. Luis, E. U. A. de 1904

PLAZA DE STA. CRUZ, 96-98, MANILA.

# Kilos n̄ m̄ga Kapisanan sa Rizal

## "Círculo Marikeño"

El Comité Directivo de la Sociedad Instructivo-Recreativa CÍRCULO MARIKEÑO ha nombrado distintos Comités permanentes para la buena marcha y prosperidad de la Asociación en la forma siguiente:

**COMITE DE INSTRUCCION:** Presidente, Señor Daniel Santiago; Secretario, Sr. Teófilo H. Reyes; Miembros, Srta. Severina S. Eustaquio y Sres. Isaac Eustaquio, Florencio Cruz y Melcio Trinidad.

**COMITE DE CONFERENCIAS:** Presidente, Sr. Isaac Eustaquio; Secretario, Sr. Teófilo Ignacio; Miembros, Sres. Paulino E. Trinidad, Teófilo H. Reyes y Catalino Cruz.

**COMITE DE ESTILO:** Presidente, Sr. Teófilo H. Reyes; Secretario, Sr. Paulino E. Trinidad; Miembros, Sres. Daniel Santiago, Macario Reyes y Juan Victorino.

**COMITE DE VELADAS, PROGRAMAS E INVITACIONES:** Presidente, Sr. Paulino E. Trinidad; Secretario, Sr. Isaac Eustaquio; Miembros, Sres. Teófilo H. Reyes, Teófilo Ignacio, Daniel Santiago y Srtas. Eugenia de la Paz, Lorenza de la Paz, Rosario de la Paz, María de la Paz, Glicería Eustaquio y Severina S. Eustaquio.

**COMITE DE SPORTS:** Presidente, Sr. Teófilo H. Reyes, Secretaria, Srta. Eugenia de la Paz; Miembros, Srta. Glicería Eustaquio y Sres. Hermenegildo Santos y Bernabé Cruz.

**COMITE DE RECEPCION DE DAMAS:** Presidenta, Srta. Eugenia de la Paz; Secretaria, Srta. Rosario de la Paz; Miembros, Srtas Lorenza de la Paz; María de la Paz, Glicería Eustaquio y Remedios de la Paz; **DE CABALLEROS:** Presidente, Sr. Manuel Perez; Secretario, Daniel Santiago; Miembros, Señores Isaac Eustaquio, Teófilo H. Reyes y Paulino E. Trinidad.

**COMITE DE DECORACION:** Presidente, Señor Isaac Eustaquio; Secretaria, Srta. Severina S. Eustaquio; Miembros, Srtas. Miguela Paz, Aniceta Paz, Lorenza de la Paz, Rosario de la Paz, María de la Paz, Glicería Eustaquio y Remedios de la Paz, y los Sres. Delfin Reyes, Esteban Nepomuceno, Fermín Valentin, Hermenegildo Santos y Eugenio Mendoza.

**COMITE DE BANQUETE:** Presidente, Señor Dario Ramirez; Secretario, Sr. Remigio Guevara; Miembros, Sres. Esteban Nepomuceno, Policarpo Ignacio, y Bernabé Cruz.

IMPRESA, LIBRERIA, PAPELERIA,  
Fabricación de timbres de goma y de metal,  
**LORENZO CRIBE**  
Calle Crespo, No. 101. Quiapo, Manila, I. F.

## MGA PAGLALAKBAY

### "Harapin ang Bukas"

#### at "Mandaloya Club"

Pagbubukang liwayway na noong ika 28 n̄ buang natapos, ang m̄ga nangangasiwa sa paglalakbay sa bayang Marikina ay halos itinataboy n̄ masayang sikat n̄ araw.

Mag-iikasiyam na n̄ lisanin ang bayang Mandaluyong n̄ boong galak n̄ labing dalawang karitela, na sa bawat mukha n̄ manglalakbay na nakalulan ay walang nakikintal maliban sa kasayahan.

Sa bayang San Juan del Monte at sa may tapat n̄ Simbahan, ang lahat ay nagsiibis sa sasakyán upang magsipaglakad hangang sa may tapat n̄ Depósito n̄ tubig pagka't maykahirapan ang daan.

Pagdating sa patag ay sunodsunod na namang yumáo ang labingdalawang karitela na parang isang kompanya n̄ m̄ga kawal ni General Serio noong araw, na may hinilipan pang korneta habang lumalakad.

Pagkatawid n̄ ilog Santulan ay nagsitun̄go sa Nayon n̄ Kalumpang, at dito'y dumatal n̄ ikasampu at kalahati n̄ umaga. Sa Nayon ito'y nagtuloy ang m̄ga naglakbay sa bahay nina GG. Fernando Valentin, Dionisio Aquino at José Urbano, na nangagsisalubong sa lahat ang m̄ga Bg. María Presentación Valentin, Juanita Santiago at Felicísima Samson, m̄ga tala n̄ Kalumpang (Marikina), na sa mainam nilang pakikiharap at pakikipanayam ang lahat ay halos di nagdamdam n̄ pagod at gutom.

Pagkapananghalian ay nagkanikanyang lakad. Ang m̄ga magsisipaglaro'y tumun̄go sa laruan at ang karamihan ay yumáo sa bahay n̄ m̄ga Bg. Marina Santos, Felicísima Samson, Juanita Santiago at iba pa upang anyayahang manood n̄ larong gagawin n̄ "Mandaloya Club" at "Marikina Club" na siyang sadya n̄ m̄ga naglakbay.

Ika dalawa na n̄ hapon n̄ simulan ang "base-ball" sa may likuran n̄ Pamahalaang Bayan, sa isang malaking tumanò, na sa kabalang tabi nito'y may balag na laan marahil sa m̄ga binibini at iba pang magsisipanood.

Ang dani n̄ tao'y di madaig n̄ m̄ga pulis bayan sa pagpapatabi. Sa m̄ga sandaling yao'y nakalimot ang m̄ga kabinata ko sa paggulang sa kababaihan.

Bago nagsimula ay tumugtog muna ang orkestang inilaan n̄ m̄ga taga Marikina sa paglalaro, iyon na lamang at di na umulit hangang sa maghiwahalay; maanong tinugtugan ang m̄ga taga Mandaluyong n̄ Fúnebre man lamang sa pag-alis. Baka naman inaasahan ang panalo nila sa taga Mandaluyong.



Sa alin mang kagalakan ay sumasalih ang munti ó malaking kalungkutan ó sigalot, at ganito n̄ga ang sa wakás ay nangyari. Ang "Marikina Club" ay pumalo, na may isang patay (*out*), ano ba't sa isang paghagis n̄ga bola'y tinamaan ang pumapalo sa kanang kamay, na sinundan n̄g hiyaw n̄g "Umpire" n̄g PATAY (*out*). Dito na nagkaguló ang lahat pagka't ayaw pumayag ang m̄ga taga "Marikina Club" na iyo'y mamatay susog sa kanilang m̄ga katwirang di madaig n̄g m̄ga taga "Mandalayo Club" ó n̄g Palatuntunan n̄g nasabing laro. Sa huli ang nangyari'y paghiwahiwalay ang lahat n̄g walang nanalo at natalo.

Gayon man, áng m̄ga naglakbay ay nagsiuwi n̄g mag-iikalima't kalahati n̄g hapon, taglay sa bawa't kalooban ang sayá at gayon din ang masasarap na kakaning mais, pakwan, singkamas at iba pa na pawang ani sa bayang Marikina.

Dumating sa bayang Mandaluyong na pinangalindangan n̄g ikapito na n̄g gabi at dito'y paghiwahiwalay n̄g boong galák at hiyawang i MABUHAY ANG PAGLALAKBAY!

PA-SA-BE.

### "Anak-Pawis"

—:—

Noong linggong nagdaan, ika 11 n̄g kasalukuyan ang walang pagod na m̄ga kaanib n̄g kapisanang ito n̄g m̄ga mang-gagawa n̄g sapatos sa Marikina ay nagsipaglakbay sa poók n̄g Nangka, pag-itán n̄g Marikina't San Mateo.

Mag-iika 9 na oras at kalahati'y nagsitulak ang m̄ga nagsipaglakbay na nagbuhát sa tapát n̄g pagawaan n̄g Samahan na nangakaskay sa m̄ga karetele; hindi gagaanong makikisig at m̄ga tanġing binibini't kabataang taga Marikina, Maynila at San Mateo ang m̄ga inanyayahang dumaló sa kasayahang yaon. Doo'y namalas ang m̄ga bulaklak n̄g Marikina na si na Bb. Felicisima Guevara, Lorenza de la Paz, Pilar Domingo, Flora Josép, Severina Eustaquio, Mercedes del Rosario, Antonia Sta. María, Miguela de la Paz, Patrocínio Villalon, Carmen Perez, Susana Mendoza, Severina Lopez, Juliana Nesina, Natalia Nepomuceno, María de la Paz, Glicería Eustaquio, Juliana de la Paz, Teodora Nesina, Rosario de la Paz, at ang di kakaunting m̄ga nakapanghahalina rin namang m̄ga binibini na dinaramdam kong hindi maala-ala ang kanikanilang m̄ga pangalan.

Sa m̄ga lalaki'y ang m̄ga tanyag na binatang Gg. Augusto P. Villalon, Pangulong walang himagod n̄g Kapisanang "Anak-Pawis", Manuel Perez, Paulino E. Trinidad, Teófilo H. Reyes, Jeronimo Angeles, Felino Guevara, Ceferino Legaspi, Eulogio Santos, Domingo Zamora, Primo Paz, Juan Coronado, Gregorio José, Isaac Eustaquio, Daniel Santiago at iba't iba pa.

Bukod sa matimyas na usapan n̄g m̄ga binibini't kabaguntauhan ay minsan minsan'y sinasaglitán n̄g maririkit at piling m̄ga awitan na sinasaliwan n̄g Orquesta sa Marikina.

Dumating ang oras n̄g pagkakainan; ang lahat ay nagsitunġo sa libis na kinalalagyán n̄g isang mesang saság na buo na may hugis U na nagkakahulugan sa wikang kastila n̄g *Unión* at kung isatagulong naman ay *Pagkakaisa*. Sa gitna n̄g tinurang mesa ay mayroong isang malaki't mayabong na punong manggá na siyang nagbigay lilim sa m̄ga nagsisikain. Sa unang tingin, ang nabanggit na punong manggá ay walang na giging kahulugan; datapatat kung pagkurukuruin ay nagkakahulugan ang punong iyon n̄g: *Ang Pagkakaisa nang mangagawa nang Zapatos Marikina ay maghubuġga nang magandang adhika*.

Pagkatapos, ang m̄ga mahihiligín kay *Terpsicore* ay nagsikuha n̄g kanikanilang kakambal at nag *rigodon*; n̄gumi sapagka't kakapusan n̄g panahon kung ipatutuloy ang pagsasayawan, ay minarapat ang itigil. Napagitna si G. Manuel Perez at nagsalita tungkol sa ginawang kasayahan, at isa isa niyang ipinakilalang nagsipagsalita rin sina Gg. Felino Guevara, Domingo Zamora at ang Pangulo n̄g Samahan na si G. Augusto P. Villalon.

Upang magkaroon n̄g isang ala-ala ang ganong kasayahan, ang lahat n̄g nagsidaloy kinunan n̄g *retrato*. Pagkua'y nilisan n̄g lahat ang lugal na di makakatkat sa alaala n̄g madláng nakipagsayá. Ang m̄ga babae'y nagsisakay sa m̄ga karetele at ang m̄ga lalaki'y nagsipaglakad.

Nang magsidating sa loob n̄g nayon n̄g Bayan-bayanan at sa kahilingán n̄g karamihan ay nagsibabá sa karetele ang m̄ga babae at nagsipaglakad din, sa una'y ang watawat n̄g Kapisanan, m̄ga binibini't kaginoohan at tinutugtugan n̄g Orkesta. Sa habang daan ay wala akong naririnig na ipinaghilhiyawan n̄g lahat kundi ang *imabuhay ang Anak-Pawis! imabuhay ang pagkakaisa nang lahat nang manggagawa!*

Nang na sasaloob na n̄g bayang n̄g Marikina, ang m̄ga binibini't binatang nagnanais tumiwalág na sa lakarán kung natatapat sa kanikanilang bahay ay hindi pinahintulutan hanggang di sumapit sa bahay n̄g Samahan. Pag dating dito ang lahat ay hinandugan n̄g matamis at tubig, at pagkapagpahingá'y saka pa lamang nakauwi sa kanikanilang bahay ang lahat na taglay ang di malimot na kasayahang tunay na utang na loob sa m̄ga di marunong manghimagod sa pagpapalagó n̄g Samahang "Anak-Pawis" na sina Gg. Augusto P. Villalon, Pangulo n̄g Kapisanan, Agapito de la Paz, Regino Santos, Esteban Nepomuceno at iba't iba pa.

SINAG-MARIKIT-NA.

# Dr. Sixto de los Angeles

CONSULTORIO Y CLÍNICA  
Quiotan, No. 101. Santa Cruz.

Teléfono 907.

## Jesús y Federico

[Conclusión.]

Ambos fueron locos y geniales. Los cerebros, vergeles de ideas, florecieron extrañas orquídeas filosóficas; el uno corolas de roja seda y el otro de violados terciopelos, sedas altas y terciopelos tristes. Sus locuras fueron heterogéneas; por eso predicaron morales fundamentalmente diversas. Jesús era tímido y humilde, su moral fué una umbría maleza, el olivo y el ciprés; Federico era pujante y pletórico, su moral fué una selva frondosa, la encina y el laurel.

El vulgo supone que los alienados no razonan. Muchas veces, en cambio, su locura consiste en que "razonan demasiado". Otros vulgos opinan: el loco no sabe lo que se dice; sin embargo, á menudo, la locura estriba en "saber demasiado" lo que se afirma. En las funciones intelectuales, el más y el menos son anormales por igual lo mismo que en las otras funciones del cuerpo; la hidropesía es tan peligrosa como la consunción.

El loco razonable tiene su lógica, pero la tiene excesiva y paradójica; hay falsas vías en la red de sus comunicaciones cerebrales. Habla sentenciosamente; no concibe la duda ni acepta la discusión. La creencia desborda toda crítica y todo raciocinio. Es un hombre de fé, tan incommovible en sus yerros como en sus aciertos; es vidente, místico, iluminado inquebrantable.

Sólo en esto son comparables Jesús y Federico; así predica el uno, así escribe el otro. El mecanismo psicológico es semejante; aunque actúe sobre materiales diferentes en cantidad y calidad.

Aquél afirma su compasiva moral con la misma certidumbre con que éste escribe sus abstracciones demoleadoras. Hablan por sentencias, razonan por parábolas.

El uno arrastra sus delirios, amenguadores de la personalidad dentro del bien y del mal; el otro desarrolla los suyos, intensificadores del yo, y remonta su vuelo de cóndor para colocarse más allá.

Sus afirmaciones, siendo antitéticas, revisten una forma igualmente apodéctica. Son para aceptarlas ó rechazarlas; nunca para discutir las. Ambos afirman con ese carácter absoluto y definitivo que es privilegio de todos los grandes soñadores enfermos.

Jesús, en Galilea, fué tan enfermo como Federico, en Weimar. Pero es fuerza decir algunas diferencias.

\*  
\*

El éxito no es un azar, tiene su psicología; intrincada á veces, compleja, pero la tiene. Los delirios geniales no escapan á sus leyes; el éxito los corona ó la irrisión los lapida, según los tiempos. Así se explica la expansión de un genio ignorante, más vasta que la de un genio ilustrado.

El nazareense—inculto rumiador de misticismos plebocráticos—diétó para la grey su ética servil; las plebes agasajadas dijéronse cristianas y le dieron plena razón durante cuatrocientos lustros.

Tuvo todas las suertes: no existían alienistas por ese entonces. Pasó desapercibida su enfermedad, vivió sin diagnóstico y le cupo la dicha de ser crucificado; la magnitud del martirio hizo olvidar las nieblas que sombrearon su mentalidad.

Así triunfó en la leyenda; por sus lágrimas, no por su potencia. Triunfó cuando para los cerebros enfermos nadie osaba entreabrir las puertas de un manicomio.

El otro—más grande en su martirio, porque supo mucho y pensó hondamente—se apagó envuelto en la penumbra de un diagnóstico desprestigiador y murió de angustia lenta, gota á gota; corola agostada en una atmósfera sin oxígeno. Este dolor fué demasiado grande para que lo comprendieran las almas pequeñas. Los filisteos, los dominados, los serviles, los sub-hombres, todos los pordioseros de inteligencia, los mendigos de voluntad, los ajusticiados por su moral evolucionista y selectiva, se apresuraron á proclamar la bancarrota de sus doctrinas, pretextando que todas ellas fueron frutos cariados de un enfermizo árbol del bien y del mal...

°°

La clínica psiquiátrica puede fijar diagnósticos sobre estos dos enfermos ilustres.

Desconocida por sus contemporáneos, la locura de Jesús ha sido y será negada en toda hora por los favorecidos en su doctrina. Su moral es una justificación para los inferiores; justo es que estos no confiesen que tuvo sus raíces en el delirio. Menos afortunados son otros cientos de cristos que apostolizan en las clínicas de los manicomios: podrían reclamar Passanante y Conselheiro.

El estudioso descubre en Cristo á un alienado místico, enfermo de locura sistematizada religiosa, indudablemente menos filósofo que un Hamlet ó un D. Quijote. Y se explica: Cristo fué elaborado por la tradición sectaria de una multitud inferior, mientras Quijote ó Hamlet fueron forjados por un genio.

En la era de Pilatos llamábase "mesianismo" al delirio religioso sistematizado. Como en el caso de Jesús convenía su locura á la gleba, ésta hizo perdón de las vulgaridades morales y de las máximas que se le atribuyeron gratuitamente.

La locura de Nietzsche, diagnosticada en sus propios libros antes que su organismo cediera bajo la gravitación del mal, es magnífica, deslumbradora, se sobrepone á todas las preocupaciones sugeridas previamente por el diagnóstico de la enfermedad.

Aquí el loco es un hombre genial, de cultura profunda y compleja; destruye como un ciclón, piensa como un astro, escribe como un poeta.

Guarecidos tras su locura, los hombres retardados en la evolución biológica de la especie, han intentado formar un solo haz de sus viciencias y sus desequilibrios, fomentando la confusión entre el robusto florecimiento de su genio

y las dolorosas proliferaciones de su enfermedad.

Esa grey de los débiles parece haber temido que su voz despertara en los amos el sentimiento de la potencia necesaria, y que al anuncio de sus nuevas tablas se operase una total transmutación de los valores morales. ¡Quién lo dudará, si en vez de recibir un diagnóstico de la ciencia, le hubiera tocado en suerte, como al Galileo, una cruz para aquilatar sus teoremas en los crisoles del Martirio!



Corría por esos desfiladeros nuestra imaginación hacia la encrucijada, en donde la ciencia y la filosofía se interceptan—mirando el estudioso con el lente clínico y el moralista con el lente de su amor á la vida interna,—cuando el crepúsculo comenzó á espesar sus negruras sobre Roma.

Sólo pudimos agregar que el contraste entre ambas éticas no es menor en su aplicación á la vida práctica.

La moral cristiana es clorática, compasible. Induce á prolongar las existencias inferiores con limosnas de absurdo altruismo: rebajan al que las da y ofenden al que las recibe. Se ha convenido en llamarla moral; es, indudablemente, un buen negocio para los infelices.

Nietzsche es plenitud vigorosa. Nos empuja á ser siempre más, infinitamente, por todos los medios aptos para intensificar la personalidad. Su ética educa para la vida laboriosa, alegre y fecunda, induce á perseguir el único de hecho incontrastable: la conciencia de la propia fuerza.

Y en la negrura del crepúsculo, vimos perderse á poco el domo de San Pedro. Pero sobre el cielo, más intensa que la noche misma, aún recortada netamente su silueta semicircular, el domo del Panteón. Símbolo en esa hora, presagio de los siglos.

JOSE INGENIEROS.



## NOLI ME LÉGERE

### IV HALAGA NG BUHAY

(Karugtong)

Si Bayani ay sumagot:

—“Kung sakali man po, G. Presidente, kung sakali man po at sinapit sila n̄ pagkasawí, ang m̄ga kamag-anak nilang maiíwan ay hindi dapat mangagsiluhá, hindi dapat manghinayang ni di dapat ipaghinagpis ang kanilang kamatayan, sapagka’t kagaya n̄ m̄ga tunay na lalaki, sila’y nagpakamatay sa pagtupad n̄ katungkulan! Nabaon man ang m̄ga katawan nila sa ilalim n̄ lupá, ang kanilang alaala ang kanilang m̄ga n̄galan, ang kanilang kabayanihan ay makikintal sa diwa’t pusò n̄ lahi upang kailan ma’y manariwá doón. Ang m̄ga anak nila, ang kanilang kaapu-apan, at lahat kaming m̄ga bagong sibol ay laging aawitin ang kadakilaan n̄ kanilang gawá,

pipintuhin namin at igagalang ang kanilang ala-ala, at sisikaping tularan ang inihasuk nilang halimbawá. Ang Inang Bayan, ang pinakaiirog na “Martir” Inang Bayan ay yajakapin ang kanilang m̄ga bangkay hahandugán sila n̄ matatamis niyang halik, at pagkatapus na maisulat ang sagsag na sa kanilang m̄ga noo, ay ituturo sila sa bo-ong Sangsinukob, kasabay n̄ sabing:—“Ang m̄ga anak ko ay m̄ga bayani n̄ Matwid!” May kamatayan po bang diya’y dadakila pa?

—“Pshe!—“ang in̄gos n̄ Presidente,—*que bayani*” ni *que bulati*... *que bayani n̄ matwid*!—Bayani n̄ kaululan!”—At pagkatapus na makamut ang ulo ay nagpatuloy:—“N̄guni’t... *pero ikaw ba naman ay wala nang kaisip isip, at di mo makurong ang pinagsasabi mong iyan ay pulos na kahiban̄gan?* Sino baga ang iyong mapaniniwala na... Jesus Maria y Jose!—ako laang ay pinagtatawa mo! Diyata’t ako’y magpapakamatay mailigtas ko laang ang isa kong alila, ang isang ita, ang isang insik?

“Laking kabulastugan!... Ha, ha, ha!”

Tumugon si Bayani:—

—“Ang isa pong magliligtas ay hindi sinitino ang sinasaklohang napapan̄ganib, hindi inuisisa kung ang ililigtas niya ay kamag-anak, kauri ó hindi; hindi siya tumitin̄gin sa kulay n̄ balat; ang kinukuro niya ay kung *narrápat* na iligtas ang napapan̄ganib: alalaong baga’y kung ito ay kinakandili n̄ katwiran”.

Muling napahalakhak si Mahabang-kamay; ang pagkapoot niya kay Bayani at pagkatigagal sa m̄ga pinagsasabi nito ay nagtatalo sa kanyang loob—filing-iling na sumagot:

—“M̄ga haling na pag-iisip! m̄ga haling!... Palibhasa’t ikaw’y bata pa, ay hindi mo kinukuró ang iyong pinagsasabi”.

Napan̄giti si Bayani; munti na siyang ma pa—*Ehem!*

—“*Pero*...Ibig mo bagang ipakita ko sa iyo ang kaululan n̄ iyong *teoria?*—ang dagdag n̄ hukom na n̄gayo’y nagboses-paré.

—“Ikatutwá ko po kung inyong mamarapatin”—ang tugon naman n̄ binatá.

—“*Bueno*”!.....

Si Mahabang-kamay ay nagsindi muna n̄ isang tabáko, bago nagpatuloy:

—“Makinig ka:

“Sa kanino mang taong may gadaling noó ang sariling buhay ay siyang lalong pinakamahalaga; siyang pinakamamahál niya higit sa alin mang bagay at sa kanino man.

“Isa itong katotohanang di mo mapupuwing sa aking harap, ako’y matandá na,... at kilala ko ang lakad n̄ mundo.

“At sa katunayan n̄ aking sinabi ay nariyan ang libolibong taong napa-aalipin upang magkaroon laang n̄ maipagtatawid buhay; nariyan ang daan-daang babae sa Maynila na ipinagbibili sa bálanga ang kanilang m̄ga katawan at puri upang magkaroon laang n̄ maikabubuhay! Nariyan ang m̄ga taong taga-labas na nanghaharang at pumapatay n̄ kapwa upang magkaroon n̄ ikabubuhay! Ano pa’t lahat ay gina-

gawa upang mabuhay laang! Samakatwid lahat ay buhay at buhay ang hanap!

"Ngayon"—at dito'y ipinaglakan ang salita—"Ngayon, ano iyáng kaululang ipinipilit mo na katungkulan n̄g isang tao ang sagipin ang napapanḡanib kahit na masawi ang kanyang buhay? Diyata't lahat na'y ginaguwa upang lumawig laang ang buhay at saka n̄gayo'y ipanḡanḡalandakan mo na di kailanḡang mamatay mailigtas laang ang iba?"

"Ano ang iyong mapapala sa pagliligtas na iyan?—Aakyat ka ba, n̄g lanḡit?"

"Oh, aking tinatawanan ang m̄ga isipang iyan na walang kaulo-ulo!"

"Isipin mo na laang ang nangyari sa iyo kanina. Magtandá ka at madalá ka na sa napalá mong iyan sa panghihimasok sa di mo dapat panghimasukan. Mabuting mabuti na laang at sa bisig ka tinamaan n̄g bála... at kung sa tiyan?... marahil kung nagkataon, ay inagunyas ka na ngayon".

Napanḡiting muli si Bayani. Pagkaraan n̄g ilang sandali ay banayad na sumagot:

"Kung ako man po ay nagkadurog-durog, ang gayon ay walang kailanḡan sa akin! Hihimlay ako sa libinḡan n̄g walang pagsisisi, kakaulayawin ko roon ang tanḡi kong Ligaya—ang ligayang pilit na sasaakin sapagka't ako'y namatay sa pagtupad n̄g aking katungkulan, sapagka't ako'y namatay sa pagpupunyaging igalang ang watawat n̄g wagas at katutubong Matwid! Sa gayon ay di na ako masisisi n̄g aking Bayan!"...

—"M̄ga panḡarap!" ang muling sabád ni Mahabang-kamay—"m̄ga maling panḡarap! Oh! hanggang saan nakikilalang ikaw ay bata pa n̄ga laang! Hanggang saan mo ipinakikita na wala kang kamuwang muwang sa pamumuhay!... Ano iyang ligayang sinasabi mo? Bunḡa n̄g kahibanḡan! Ibig mo bang iturò ko sa iyo ang tunay na ligaya—ang ligayang dapat mong sikapin?"

Itinaas n̄g nanḡanḡaral ang kaliwá niyang kamay, pinag-abot ang m̄ga dulo n̄g hintuturò at n̄g hinlalaki, at saka nagpatuloy:

"Ang salapi!! Ang salapi! Kapag ang tao ay mayroong salapi, sa kanya ay walang hindi ma-aari!"

"Sa pamamagitan niyan, at niyan laang, makakaranas ka n̄g tunay na ligaya; Iyan laang ang makapagbibigay sa iyo n̄g kariwaan sa pamumuhay... Kaya n̄ga, wika ko sa iyo, ay huwag mong sayanḡin ang iyong buhay sa m̄ga ulol na panḡarap. Samaantalain mo ang panahong itinadhanà n̄g Diyos para sa iyo dito sa mundo. Habang ikaw ay nabubuhay, *pues* magpasasà ka sa tamis n̄g buhay. Iyang biyang sinasabi mo na dadating sa iyo pag ikaw ay nalilibing na, ay hindi mo ma-aasaan... Mabuti na laang kung ikaw ay papasukin sa pintò n̄g lanḡit, at kung hindi?, at kung doon sa isang pintò ka mapasuot?"

—"Hindi pò ako dapat magtakha, G. Presidente"—ang tugón n̄g binatà—"hindi pò ako dapat magtakha sa m̄ga sinasabi ninyo. Ang

m̄ga ganyang paghahakáng bulok ay palasak na palasak pa n̄gà dito sa atin.

"Para sa m̄ga gaya ninyo, ang buhay n̄g tao ay dapat gugulin sa loob n̄g isang palasyong gintò, sa laot n̄g kariwaan at lubos na ginhawa.

"Para sa inyo, ang layong dapat sikapin n̄g lahat ay ang makapagtayo n̄g m̄ga kamalig n̄g salapí.

"Ang salapí, sa m̄ga gaya ninyo, ay katumbas n̄g lahat; salapí ang una, at salapí ang katapustapusan; kung walang salapí ay walang ligaya.

"Para sa inyo, ang tao ay dapat tumalikod sa lahat, dapat isatabi ang m̄ga katungkulan, at isalimot ang pag-ibig sa bayan, lahi, matwid, at karanḡalan kung ito ay kakailanḡanin upang lumagi sa pagkamasalapí".

—"Talaga!—"ang sabád ni Mahabang-kamay.

—"Ako pò—"ang patuloy ni Bayani—"ay may ibang paghahaká ukol sa halagá n̄g buhay—paghahakang di ko ikamamanghá kung sakali ma't inyong tawanan. Sa akin pò, ang buhay na araw at gabi ay ibinababad sa pulot n̄g kaginhawahan—ang buhay na walang pinipintuhò kundi ang Diyos Salapí—ang buhay na walang hanap kundi ang kagalinḡan n̄g sarili, ay isang buhay na mababá, walang halaga, karumaldumal!"...

Tumalikod ang Presidente sa binatà at animo'y di nadidinig ang sinasabi nito. Si Bayani ay nagpatuloy:

"Ang buhay po kung ibig magkahalagá, ay kailanḡang ilaan at gugulin sa isang adhikang mataas, sa isang layong maranḡal... Ang yaman na kinahahalinḡan n̄g boong Sandaigdig halos ay hindi makapagpapadakilá sa buhay n̄g tao; ma-aari siyang magpaginhawa, magdúlot n̄g kasaganaan sa lahat n̄g bagay; dapwa't hindi kasaganaan, hindi kaginhawahan ang naghahatid sa tao sa pagkadakilá.

"Ang karunungan man, liban na laang kung siya'y ginugol sa ikagagaling n̄g bayan, lahi, Sangsinukob, ay di ko rin masasabing sapat na makapagpadakilá sa buhay.....

